



**COVID-19
VACCINE**
Public Health
Advice



Bakunang Comirnaty
(Pfizer/BioNTech) para sa
mga batang may edad 6 na
buwan hanggang 4 na taon

Mahalagang impormasyon para sa
mga magulang at tagapag-alaga

Bersyon 2
Mayo 8, 2023



Rialtas na hÉireann
Government of Ireland

Tungkol sa leaflet na ito

Sasabihin sa iyo ng leaflet na ito ang tungkol sa bakuna sa COVID-19 (coronavirus) para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon

Sinasabi nito sa iyo ang tungkol sa:

- Ang COVID-19 sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon
- ano ba ang bakuna sa COVID-19
- ang mga benepisyong pagbabakuna para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon
- ang mga panganib ng pagbabakuna sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon
- kaligtasan at mga side effect ng bakuna
- ano ang aasahan matapos ang kanilang bakuna sa COVID-19
- pagbibigay ng pahintulot para sa kanilang bakuna sa COVID-19
- saan ka makakukuha ng mas maraming impormasyon

Mangyaring basahin mabuti ang leaflet na ito. Ang aming layunin ay hayaan kang makapag-desisyon nang tama tungkol sa pagkuha ng bakuna para sa iyong anak. Maaari ka ring makipag-usap sa isang propesyonal sa healthcare, gaya ng iyong GP (Doktor) o Parmasyutiko, tungkol sa bakuna.

Maaari mo ring:

- basahin ang Leaflet ng Impormasyon ng Pasyente ng tagagawa na available sa **www.hse.ie/covid19vaccinePIL**
- basahin ang comic strip ng HSE, 'Pagpapabakuna ko sa COVID-19' - maaaring angkop itong basahin kasama ng iyong anak (ang QR code na nagtuturo sa comic strip at matatagpuan sa likod ng leaflet na ito)
- basahin ang karagdagang impormasyon sa **www.hse.ie**

Tungkol sa COVID-19

Ang COVID-19 ay isang karamdaman na maaaring makaapekto sa mga baga at daluyan ng hangin, at minsan sa iba pang bahagi ng katawan. Ito ay dulot ng isang virus na tinatawag na coronavirus.

Ito ay lubos na nakakahawa. Kumakalat ito sa hangin na nalikha sa pamamagitan kapag umuubo o bumahin ang mga tao, o kapag nahawakan nila ang mga lugar kung saan dumapo ang mga patak at pagkatapos ay hahawakan ang kanilang mga mata, ilong o bibig.

Ang pinakakaraniwang mga sintomas ng COVID-19 ay:

- lagnat (mataas na temperaturang 38 degrees Celsius o mas mataas) – kabilang ang pagkakaroon ng panginginginig
- tuyong ubo
- pagkapagod

Maaaring tumagal ng hanggang 14 na araw pagkatapos ng pagkakatapos sa COVID-19 bago magpakita ang mga sintomas. Ang mga sintomas ay maaaring katulad ng sipon o trangkaso. Maaaring wala sa iyong anak ang lahat ng sintomas na ito o maaaring hindi lang maganda ang kanilang pakiramdam sa pangkalahatan kaysa sa karaniwan.

Kung ang iyong anak ay may anumang mga sintomas ng COVID-19, dapat mo silang panatilihin sa bahay hanggang 48 na oras pagkatapos bumuti ang kanilang pakiramdam. Maaari mong tingnan sa www.hse.ie upang malaman kung kailangan nila ang pagusuri sa COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang www.hse.ie/coronavirus o tawagan ang HSELive sa **1800 700 700**.

Ang COVID-19 at mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon

Ang karamihan ng mga bata sa grupo ng edad na ito na nagkasakit ng COVID-19 ay may masyadong banayad na mga sintomas o wala talagang mga sintomas.

Ang COVID-19 ay maaaring magdulot ng malubhang karamdaman, pagkakaospital, kamatayan sa mga bata, ngunit ito ay napakabihira. Bagama't ang panganib ng pagpapaospital at malubhang sakit ay napakababa sa grupo ng edad na ito, ito ay mas mataas kaysa sa mga mas may edad na bata.

Minsan ang mga sintomas na konektado sa COVID-19 ay maaaring magpatuloy sa loob ng ilang linggo o buwan. Ito ay tinatawag na 'long COVID'. Ang panganib ng kundisyong ito ay mas mababa sa mga bata at kabataan kumpara sa mga adult.

Ang panganib ng isang bata na maospital dahil sa COVID-19 ay napakababa, at ang panganib ng sinumang bata na mangangailangan ng gamutan sa intensive care ay lubhang mababa.

Ang mga bata na may ilang mga kundisyon sa kalusugan ay nasa mas mataas na panganib ng malubhang karamdaman at pagkakaospital kapag sila ay nagkasakit ng COVID-19. Gayunpaman, higit sa kalahati ng mga bata sa ospital na may COVID-19 ay maaaring walang anumang pinagbabatayan na kondisyon sa kalusugan.

Bihira, ang COVID-19 ay maaaring magdulot ng kundisyon na tinatawag na Multisystem Inflammatory Syndrome sa mga bata (MIS-C).

Ang kundisyon ay nagdudulot ng pulmonya, pamamaga ng puso at kahirapan sa paghinga. Karamihan sa mga batang may MIS-C ay gumaling matapos ang pagkakaospital o intensive care ngunit ang ilang mga bata ay may pangmatagalang mga side effect at napakaliit na bilang ang maaaring mamatay.

Ano ang bakuna sa COVID-19?

Ang bakuna ay isang sangkap na dapat magpabuti ng immunity (proteksyon) sa isang partikular na sakit. Tinuturuan ng mga bakuna ang immune system kung paano protektahan ang mga tao mula sa mga sakit.

Sinasabi ng ebidensya na ang bakuna sa COVID-19 ay dapat makapagbigay ng proteksyon sa iyong anak mula sa COVID-19. Kung ang mga bata ay nabakunahan, dapat din itong makatulong na mabawasan ang bilang ng nagkakasakit nang malubha o namamatay sa COVID-19 sa ating komunidad.

Anong bakuna ang inaalok sa aking anak?

Ang bakunang inaalok sa iyong anak ay tinatawag na Comirnaty (Pfizer/ BioNTech).

Ito ay isang bakunang mRNA na nagtuturo sa katawan ng iyong anak kung paano gumawa ng protina na magti-trigger ng immune response, nang hindi gumagamit ng buhay na virus na nagdudulot ng COVID-19.

Pagkatapos, ang katawan ng iyong anak ay gagawa ng mga antibody na tutulong na labanan ang impeksyon kung pumasok ang virus ng COVID-19 sa kanilang katawan sa hinaharap.

Bago ang pagbabakuna, hihilingin sa iyo na magbigay ng pahintulot para sa iyong anak na mabakunahan at ang pahintulot na ito ay ire-record.

Bakit binibigyan ng bakuna ang lahat ng batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon?

Ang aming layunin sa pag-aalok ng bakuna sa populasyon ay upang protektahan ang mga tao at mapababa ang karamdaman at mga kamatayan na dulot ng virus na ito.

Dapat protektahan ng pagbabakuna sa COVID-19 ang iyong anak at lahat ng nakapaligid sa kanila mula sa pagkakaroon ng COVID-19. Kahit na ang malubhang karamdaman mula sa COVID-19 ay bihira sa grupo ng edad na ito, mas maliit ang posibilidad na magkasakit sila nang malubha ng COVID-19 kung sila ay nabakunahan.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay inirerekomenda ng National Immunization Advisory Committee (NIAC) para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon na may kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib ng malubhang karamdaman kung sila ay magkaroon ng COVID-19.

Para sa lahat ng bata sa grupo ng edad na ito, ang rekomendasyon ng NIAC ay ang mga benepisyo ng pagbabakuna ay mas malaki kaysa sa mga panganib mula sa bakuna, ibig sabihin, maaaring ibigay sa grupo ng edad na ito ang bakuna.

Kabilang sa mga benepisyo ang pag-iwas na magkaroon ng COVID-19, at ekstrang proteksyon mula sa mga bihirang panganib ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19. Maaari ding mabawasan ng pagbabakuna sa mga bata ang paghawa sa iba sa sambahayan, halimbawa, sa mga may mahinang immune system. Magiging maliit ang posibilidad na lumiban sa paaralan at iba pang mga aktibidad dahil sa COVID-19 ang mga batang nabakunahan.

Epektibo ba ang bakuna para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon?

Ipinakita ng clinical trial para sa bakunang Comirnaty (Pfizer/BioNTech) na ito ay epektibo sa pagpigil ng COVID-19 sa mga bata sa edad na ito matapos ang tatlong dosis. Napakaepektibo rin nito sa pagpigil ng malubhang karamdaman na maaring magdulot ng pagkakaospital dahil sa COVID-19.

Ligtas ba ang bakuna para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon?

Inirerekomenda ng National Immunization Advisory Committee na bigyan ang mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ng bakunang ito sa COVID-19.

Ang bakunang ito ay subok na sa libu-libong tao kabilang ang mahigit sa 3,000 bata na may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon ayon sa mga clinical trial. Walang karagdagang alalahanin ang natukoy sa clinical trial para sa mga bata sa grupo ng edad na ito.

Natugunan din ng bakunang ito ang mahigpit na mga pamantayan ng kaligtasan, kalidad at pagiging epektibo, at naaprubahan at lisensyado ng mga regulator.

Para sa Ireland, ang regulator ay ang European Medicines Agency (EMA) – bisitahin ang www.ema.europa.eu para sa higit pang impormasyon.

Upang maaprubahan para gamitin, ang bakuna ay dumaan sa lahat ng clinical trial at pagsusuri sa kaligtasan na pinagdadaan ng lahat ng iba pang lisensyadong gamot, na sumusunod sa mga pandaigdigang pamantayan ng kaligtasan. Ang pag-monitor sa kaligtasan ng lahat ng bakuna sa COVID-19 ay palaging nire-review ng nauugnay na mga awtoridad.

Bagama't ang gawain sa pag-develop ng mga bakuna sa COVID-19 ay kumilos nang mas mabilis kaysa sa karaniwan, ang bakunang inaalok namin sa iyong anak ay dumaan sa karaniwang mga hakbang na kailangan upang mag-develop at maaprubahan ang isang ligtas at epektibong bakuna.

Pinag-aaralan pa rin namin ang tungkol sa pagiging epektibo at mga side effect ng mga bakuna sa COVID-19 sa grupo ng edad na ito.

Ang lahat ng gamot ay may mga side effect at dapat mong basahin sa leaflet na ito ang tungkol sa mga kilalang side effect na karaniwan, bihira at napakabihira ng bakunang ito bago mo ibigay ang iyong pahintulot na mabakunahan ang iyong anak.

Nagkaroon na ng COVID-19 ang aking anak, maaari ba silang mabakunahan?

Kung nagkaroon ng COVID-19 ang iyong anak malamang na magkakaroon sila ng kaunting immunity.

Kahit na nagkaroon na ng COVID-19 ang iyong anak, makukuha pa rin nila ito. Mababawasan ng bakuna ang panganib na magkaroon muli ng impeksyon sa COVID-19.

Maaari bang mabakunahan ang aking anak kung mayroon silang mataas na temperatura?

Hindi. Kung nilalagnat sila (temperaturang 38 degrees Celsius o mas mataas), dapat mong ipagpaliban ang pagbabakuna hanggang bumuti ang kanilang pakiramdam.

Mabibigyan ba ng bakuna ang anak ko ng COVID-19?

Hindi. Hindi mabibigyan ng bakuna sa COVID-19 ang iyong anak ng COVID-19. Posibleng makuha ang COVID-19 bago ang pagpapabakuna at hindi napagtanto na sila ay may mga sintomas hanggang matapos ang appointment ng pagbabakuna.

Kung ang iyong anak ay may anumang mga sintomas ng COVID-19 – o kung nilalagnat sila na nagsimula nang higit sa 2 araw pagkatapos ng kanilang bakuna, o tumatagal nang higit sa 2 araw – dapat silang mag-self-isolate (manatili sa bahay) hanggang 48 na oras matapos bumuti ang kanilang pakiramdam. Maaari mong tingnan sa **www.hse.ie** upang malaman kung kailangan nila ang pagusuri sa COVID-19.

Sino ang vaccinator ng aking anak?

Ito ang taong nagbibigay sa kanila ng kanilang bakuna. Sila ay sinanay ng HSE upang magbigay ng mga bakuna sa COVID-19.

Paano ibinibigay ang bakuna sa COVID-19?

Ang bakuna sa COVID-19 ay ibinibigay bilang injection sa hita o sa itaas ng braso depende sa edad ng iyong anak. Tatagal lamang ito ng ilang minuto.

Gaano karaming dosis ng bakuna sa COVID-19 ang kakailanganin ng aking anak?

Kakailanganin nila ng 3 dosis ng bakuna ng Pfizer/BioNTech para sa pinakamahasag na posibleng proteksyon laban sa Covid-19. Makukuha ng iyong anak ang kanilang pangalawang dosis 3 linggo pagkatapos ng unang dosis, na susundan ng pangatlong dosis 8 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis.

Ang anak ko ay may COVID-19 ngayon, maaari ba silang mabakunahan?

Kung ang iyong anak ay may COVID-19 at ang kanilang dosis ng bakuna ay dapat nang ibigay:

- maaari silang mabakunahan mula sa 4 na linggo pagkatapos nilang unang magkaroon ng mga sintomas o masuri na positibo sa COVID-19. Gayunpaman, para maging napakabisa ng kanilang bakuna, inirerekomenda na maghintay ng 6 na buwan upang bumisa ang bakuna.

Kung ang iyong anak ay nagkarron ng COVID-19 at ang kanilang ikalawang dosis ng bakuna ay dapat nang ibigay:

- maaari silang mabakunahan mula sa 4 na linggo pagkatapos nilang unang magkaroon ng mga sintomas o masuri na positibo sa COVID-19

Kung ang iyong anak ay nagkaroon ng COVID-19 at ang kanilang ikatlong dosis ng bakuna ay dapat nang ibigay, kung sila ay:

- nagkaroon ng impeksyon sa COVID-19 higit sa 7 araw pagkatapos ng pangalawang dosis, hindi kinakailangan ang pangatlong dosis
- nagkaroon ng impeksyon sa COVID-19 higit sa 7 araw ng kanilang pangalawang dosis, dapat silang kumuha ng ikatlong dosis 8 linggo matapos nilang magkaroon ng mga sintomas o nasuring positibo sa COVID-19

Ano ang mga side effect ng bakuna?

Tulad ng lahat ng gamot, ang mga bakuna ay maaaring magdulot ng mga side effect. Karamihan sa mga ito ay banayad hanggang katamtaman, panandalian, at hindi lahat ay nagkakaroon ng mga ito.

Mahigit na 1 sa 10 bata ang maaaring magkaroon ng mga ito

napakakaraniwang mga side effect :

- pagiging iritable
- pagiging antukin
- nabawasan ang gana sa pagkain
- nakararamdam ng pagod
- panlalambot o pamamaga ng iyong braso kung saan ka tinurukan ng bakuna
- pamumula sa lugar kung saan ibinigay ang bakuna
- pananakit ng ulo
- pananakit ng kalamnan
- pananakit ng kasu-kasuan
- diarrhoea
- lagnat (temperaturang 38 degrees Celsius o mas mataas) o panginginginig

Hanggang 1 sa 10 bata ang maaaring magkaroon ng **karaniwang mga side effect na ito:**

- pantal (6 hanggang 23 buwan)
- pagduduwal
- pagsusuka

Hanggang 1 sa 100 bata ang maaaring magkaroon ng **hindi pangkaraniwang mga side effect na ito:**

- pangangati sa lugar kung saan ibinigay ang bakuna
- pangkalahatang pangangati
- pamamaga ng lymph glands
- kawalan ng tulog
- labis na pagpapawis
- pagpapawis sa gabi
- kakulangan ng enerhiya, pananamlay o masama ang pakiramdam
- pananakit sa nabakunahang braso

Hanggang 1 sa 1,000 bata ang maaaring magkaroon ng **bihirang mga side effect na ito:**

- pansamantalang nakalaylay sa isang bahagi ng mukha
- mga reaksiyon sa allergy tulad ng mga pantal o pamamaga ng mukha

Hanggang 1 sa 10,000 bata ang maaaring magkaroon ng **napakabihirang mga side effect na ito:**

- myocarditis at pericarditis

Ang naunang datos mula sa iba pang mga bansa ay nagpapakita na ang myocarditis ay mas maliit ang posibilidad sa mga may edad 12 hanggang 15 kaysa sa may edad 16 hanggang 24. Ang myocarditis sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon ay napakabihira. Sa USA, mahigit isang milyong dosis ng bakunang mRNA ang naibigay sa mga bata sa grupo ng edad na ito. Walang mga naiulat na myocarditis sa mga batang ito. Pinag-aaralan pa rin namin ang tungkol sa pagiging epektibo at mga side effect ng mga bakuna sa COVID-19 sa grupo ng edad na ito.

Ang myocarditis at pericarditis ay mga kundisyon ng pamamaga ng puso. Ang panganib ng napakabihirang mga kundisyong ito ay mas mataas sa mga mas batang kalalakihan. Ang mga kundisyong ito ay mas malamang na mangyari pagkatapos ng pangalawang dosis at kadalasang nangyayari sa loob ng 14 na araw pagkatapos makuha ang bakuna.

Tinantiya ng dalawang pag-aaral sa Europa ang panganib ng myocarditis, pagkatapos ng ikalawang dosis ng bakuna:

- Isang karagdagang kaso sa bawat 38,000 kalalakihan na may edad 12 hanggang 29 (sa loob ng 7 araw)
- Isang karagdagang kaso sa bawat 17,500 kalalakihan na may edad 16 hanggang 24 (sa loob ng 28 na araw)

Karamihan sa mga tao ay gumagaling nang mag-isa o may suportang gamutan, ngunit mangangailangan ng pangangalaga sa ospital. Hindi pa namin alam kung mayroong mga pangmatagalang problema dahil sa mga side effect na ito.

Hindi pa alam kung gaano karaming taong nakakuha ng bakunang ito ang makararanas ng mga side effect na ito ngunit iniisip na ang mga ito ay **lubhang bihira**:

- isang matinding reaksiyon sa allergy Sinanay ang iyong vaccinator upang gamutin ang malubhang reaksiyon sa allergy.
- Erythema Multiforme – isang reaksiyon sa balat na nagdudulot ng mga pulang butlig o patse sa balat na maaaring parang target o “bulls-eye” na may pulang-pulang gitna na pinapalibutan ng mas mapupulang mga bilog
- malawakang pamamaga ng braso (o paa) kung saan ibinigay ang bakuna
- pangigingilig o tinutusok-tusok na pakiramdam, o pagkawala ng pakiramdam sa ilang bahagi ng katawan

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay dumaan sa parehong mga clinical trial at mga pagsusuri sa kaligtasan gaya ng lahat ng lisensyadong bakuna, gayunpaman, ang mga bakuna ay bago pa rin at ang impormasyon sa mga pangmatagalang side effect ay limitado.

Habang mas maraming tao sa Ireland at sa buong mundo ang kumukuha ng bakunang ito, mas maraming impormasyon tungkol sa mga side effect ang maaaring maging available. Regular na ia-update ng HSE ang impormasyong ito sa aming website, at kung kinakailangan, ia-update ang mga leaflet ng impormasyon na naibigay sa mga tao sa kanilang appointment para sa kanilang una o pangalawang dosis ng bakuna.

Mga sintomas ng myocarditis at pericarditis

Napakabihira, maaaring magkaroon ang mga tao ng myocarditis at pericarditis pagkatapos makuha ang bakunang Comirnaty (Pfizer/BioNTech). Ang myocarditis at pericarditis ay mga kundisyon ng pamamaga ng puso.

Dapat mong malaman ang mga palatandaan na dapat alamin para sa iyong anak. Kumuha ng tulong medikal kung magkaroon ang iyong anak ng anuman sa mga sintomas na ito pagkatapos ng kanilang bakuna:

- kakapusan ng hininga
- mabilis na pagtibok (malakas na pagtibok ng puso na maaaring hindi regular)
- pananakit ng dibdib

Ang mga palatandaan ng myocarditis sa mga mas bata ay maaaring mas hindi tiyak kabilang ang:

- pagiging iritable
- pagsusuka
- mahirap pakainin
- mabilis at mababaw na paghinga
- pagkapagod

May mga bata bang hindi dapat mabakunahan sa COVID-19?

Oo. Hindi dapat kumuha ang iyong anak ng bakuna sa COVID-19 na Comirnaty (Pfizer/BioNTec) kung:

- nagkaroon ang iyong anak ng malalang reaksiyon sa allergy sa anumang mga sangkap na nasa bakuna (kabilang ang polyethylene glycol o PEG). Basahin ang may akda ng Leaflet ng Impormasyon ng Pasyente sa www.hse.ie/covid19vaccinePIL upang makita ang listahan ng mga sangkap.
- nagkaroon ang iyong anak ng malalang reaksiyon sa allergy sa nakaraang dosis ng bakuna ng Pfizer/BioNTech.
- nagkaroon ang iyong anak ng malalang reaksiyon sa allergy sa Trometamol (isang sangkap sa contrast dye na ginagamit sa radiological na mga pag-aaral ng MRI).

Dapat mong kausapin ang doktor ng iyong anak bago kumuha ng bakuna sa COVID-19 kung sila ay:

- nagkaroon ng malalang reaksiyon sa allergy (anaphylaxis) sa nakaraan, kasama na ang anumang iba pang bakuna o medikasyon.
- nagkaroon ng myocarditis o pericarditis pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakuna sa COVID-19.

Kung ang iyong anak ay dati nang nagkaroon ng Multi System Inflammatory Syndrome maaari silang mabigyan ng bakuna sa COVID-19 kapag gumaling na sila at hindi bababa sa 90 araw pagkatapos nilang ma-diagnose, alinman ang mas matagal.

Bilang pag-iingat, kung nakatanggap ang iyong anak kamakailan ng bakuna sa monkeypox (Imvanex o Jynneos) kailangan nilang maghintay ng 4 na linggo bago sila magpabakuna sa COVID-19 dahil sa hindi alam na panganib ng myocarditis.

Ang iba pang mga bakuna ay dapat na ihiwalay sa mga bakuna ng COVID-19 sa grupo ng edad na ito ng 14 na araw. Ang mga nakagawiang bakuna ay dapat unahin sa mga bata sa grupo ng edad na ito.

Karamihan sa mga bata ay makakayang makuha nang ligtas ang bakuna. Ang taong nagbibigay ng bakuna sa iyong anak at magiging masaya na sagutin ang anumang mga katanungan na mayroon ka sa iyong appointment para sa bakuna.

Bibigyan ka rin nila ng isang leaflet ng payo sa aftercare, at record card ng bakuna na nagpapakita ng pangalan at numero ng batch ng bakuna na ibinigay sa iyong anak.

Matapos makuha ang bakuna

Bibigyan ka namin ng record ng pagbabakuna ng iyong anak ngayon.

Mangyaring panatiliing ligtas ang record card.

Ano ang maaaring mangyari sa susunod na ilang araw?

Ang ilang mga tao na nakakuha ng bakuna na nakuha ng iyong anak ngayon ay maaaring magkaroon ng ilang mga side effect na dati nang nakalista. Karamihan sa mga ito ay banayad hanggang katamtaman at panandalian.

Lagnat pagkatapos ng bakuna.

Medyo karaniwan na magkaroon ng lagnat matapos ang pagbabakuna. Kadalasan, nangyayari ito sa loob ng 2 araw pagkatapos makuha ang bakuna, at nawawala sa loob ng 2 araw. Mas malamang na magkaroon ng lagnat ang iyong anak pagkatapos ng kanilang ikalawang dosis ng bakuna.

Kung hindi maganda ang pakiramdam ng iyong anak, dapat mo silang bigyan ng paracetamol o ibuprofen ayon sa itinuro sa kahon o leaflet. Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa iyong anak, mangyaring humingi ng payong medikal.

Gaano katagal bago gumana ang bakuna?

Pagkatapos magkaroon ng tatlong dosis ng bakuna sa COVID-19, karamihan sa mga bata ay ligtas na sa sakit. Nangangahulugan ito na sila ay magiging protektado laban sa COVID-19.

Tumatagal ng 7 araw pagkatapos mabigyan ng ikatlong dosis para gumana ito.

May posibilidad na maaari pa ring magkaroon ng COVID-19 ang iyong anak kahit na nabakunahan sila.

Gumagana ba sa lahat ang bakuna?

Ang mga bakuna ay ginamit na sa milyon-milyong tao sa buong mundo. May matibay, maaasahang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay lubos na nakababawas ng panganib na magkaroon ng COVID-19. Lubos ang pagiging epektibo ng mga ito sa pagpigil sa mga pagkamatay at malubhang karamdaman sa COVID-19.

Ang mga bakuna ay hindi gumagana nang pareho sa bawat tao, at posible pa ring magkaroon ng COVID-19 pagkatapos mabakunahan. Kung ang iyong anak ay may mahinang immune system, walang ekstrang panganib sa pagkuha ng bakuna ngunit maaari din itong hindi gumana para sa iyong anak.

Gaano katagal ang immunity mula sa bakuna?

Hindi pa namin alam kung gaano katagal ang immunity. Ang mga clinical trial ay nagpapatuloy upang alamin ito.

Kapag nabakunahan ang anak ko, nangangahulugan ba iyon na hindi nila ikakalat ang COVID-19 sa iba?

Hindi pa namin alam kung mapipigil ng pagkakaroon ng bakuna ang mga tao na ikalat ang virus ng COVID-19 sa iba. Kaya naman mahalaga na lahat tayo ay patuloy na sundin ang pampublikong payo sa kalusugan kung paano mapipigil ang pagkalat ng virus.

Maaari bang kumuha ng bakuna sa COVID-19 at iba pang mga bakuna ang aking anak?

Bilang pag-iingat, kung nakatanggap ang iyong anak kamakailan ng bakuna sa monkeypox (Imvanex o Jynneos) kailangan nilang maghintay ng 4 na linggo bago sila magpabakuna sa COVID-19 dahil sa hindi alam na panganib ng myocarditis.

Ang iba pang mga bakuna ay dapat na ihiwalay sa mga bakuna ng COVID-19 ng 14 na araw. Ang mga bakuna sa pagkabata ay dapat unahin kaysa sa mga bakuna sa COVID-19.

Pahintulot para sa iyong anak na mabakunahan.

Isang magulang o legal na tagapag-alaga ay hihingan ng pahintulot para sa bawat bata na mabakunahan.

Ang iyong desisyong magbigay ng pahintulot para sa bakuna o hindi ay igagalang. Ang sumusunod na summary table ay makakatulong sa iyo na malaman ang tungkol sa iyong mga pagpipilian.

<p>Isaalang-alang ang pagkakaroon ng bakuna ng iyong anak kung:</p>	<p>Isaalang-alang ang hindi pagkakaroon ng bakuna ng iyong anak, o naghihintay hanggang mas maraming impormasyon ang available, kung:</p>
<ul style="list-style-type: none"> • Ang iyong anak ay may isang nakapaloob na kundisyong medikal na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib ng malalang COVID-19. • Ang iyong anak ay nakatira kasama ang isang bata o isang adult na mataas ang panganib ng malalang COVID-19. • Gusto mong pataasin ang proteksyon ng iyong anak laban sa lubhang bihirang posibilidad ng malalang COVID-19, Multisystem Inflammatory Syndrome o 'long COVID'. 	<ul style="list-style-type: none"> • Ayaw mong ipagsapalaran ang napakabihirang side effect ng myocarditis o pericarditis mula sa pagbabakuna. • Gusto mong maghintay ng mas maraming impormasyon tungkol sa panganib ng Multisystem Inflammatory Syndrome at ng COVID-19 sa mga bata. • Gusto mong maghintay sa mas maraming impormasyon na maging available tungkol sa mga pangmatagalang epekto ng mga bakuna sa mga bata at kabataan.

<p>Mga benepisyong ng bakuna</p>	<p>Mga panganib ng bakuna</p>
<ul style="list-style-type: none"> • Proteksyon sa COVID-19. • Proteksyon para sa mga batang may mga kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib ng malalang COVID-19. • Proteksyon para sa malulusog na bata mula sa malubhang COVID-19 – bagama't ito ay napakabihira sa grupo ng edad na ito. Ang panganib ng isang bata na maospital dahil sa COVID-19 ay napakababa, at ang panganib ng sinumang bata na mangangailangan ng gamutan sa intensive care ay lubhang mababa. • Proteksyon mula sa COVID-19, at mga komplikasyon mula sa COVID-19 gaya ng 'long COVID' at Multisystem Inflammatory Syndrome sa mga bata. • Maaaring makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa iba pa. Ito ay lalong mahalaga kung ang mga bata at kabataan ay nakatira kasama ang kapatid o isang adulto na nasa panganib ng malalang COVID-19. 	<ul style="list-style-type: none"> • Mga panandaliang side effect gaya ng pangangitrot ng braso, lagnat o pagkapagod. • Humigit-kumulang 1 sa 100,000 tao ang maaaring magkaroon ng malalang side effect, katulad ng isang reaksyon sa allergy sa bakuna. • Napakabihira sa ilang tao na magkaroon ng pamamaga ng puso (myocarditis) at sa panlabas na lining ng puso (pericarditis) pagkatapos ng pagbabakuna.. Karamihan sa mga tao ay gumagaling mula sa myocarditis at pericarditis ngunit maaaring mangailangan ng gamutan sa ospital. • Wala kaming impormasyon tungkol sa mga pangmatagalang epekto ng mga bakuna sa COVID-19 sa mga bata.

Higit pang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Leaflet ng Impormasyon ng Pasyente ng tagagawa. Ito ay ipi-print para sa iyo sa araw na kukunin ng iyong anak ang kanilang bakuna, o maaari mo itong makita sa

www.hse.ie/covid19vaccinePIL

Maaari ka ring makipag-usap sa isang propesyonal sa healthcare, gaya ng iyong GP (Doktor), Parmasyutiko o team ng healthcare.

Maaari mo ring bisitahin ang website ng HSE sa

www.hse.ie/covid19vaccine o tawagan ang HSELive sa 1800 700 700.

Para sa mas maraming impormasyon sa bakuna ng COVID-19, kabilang ang mga materyal sa naa-access at nakasalang mga format, bisitahin ang

www.hse.ie/covid19vaccinematerials

Paano ko ire-report ang mga side effect?

Tulad ng lahat ng bakuna, maaari mong i-report ang mga pinaghihinalang side effect sa Health Products Regulatory Authority (HPRA).

Ang HPRA ay ang awtoridad ng regulasyon sa Republika ng Ireland para sa mga gamot, aparatong medikal at iba pang mga produktong pangkalusugan. Bilang bahagi ng katungkulan nito sa pag-monitor sa kaligtasan ng mga gamot, ang HPRA ay nagpapatakbo ng isang sistema kung saan maaaring i-report ng mga propesyonal sa healthcare o mga miyembro ng publiko ang anumang mga pinaghihinalang masamang reaksyon (mga side effect) na nauugnay sa mga gamot at bakuna na nangyari sa Ireland.

Lubos na hinihikayat ng HPRA ang pagre-report ng mga pinaghihinalang masamang reaksyon (mga side effect) na nauugnay sa mga bakuna sa COVID-19 upang suportahan ang patuloy na pag-monitor sa ligtas at epektibong gamit ng mga ito. Upang i-report ang pinaghihinalang masamang reaksyon sa bakuna sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang **www.hpra.ie/report**

Maaari mo ring hilingin ang iyong Doktor o isang miyembro ng pamilya na i-report ito para sa iyo. Ang dami ng impormasyon na alam ay dapat ibigay, at kung posible, dapat isama ang numero ng batch ng bakuna.

Hindi makapagbibigay ng payong klinikal ang HPRA sa mga indibidwal na kaso. Dapat makipag-ugnayan ang mga miyembro ng publiko sa kanilang propesyonal sa healthcare (ang kanilang Doktor o Parmasyutiko) para sa anumang mga alalahaning medikal na maaaring mayroon sila.

Ang iyong personal na impormasyon

Upang ligtas na maibigay ang bakuna at mai-record ang lahat ng kinakailangang impormasyon para i-monitor at pamahalaan ang bakuna, ipoproseso ng HSE ang personal na impormasyon ng iyong anak. Ang lahat ng impormasyong pinoproseso ng HSE ay alinsunod sa mga pangkalahatang batas at partikular sa General Data Protection Regulation (GDPR) na nagsimulang ipinatupad noong 2018.

Ang pagpoproseso ng datos ng iyong anak ay magiging ayon sa batas at patas. Ipoproseso lamang ito para sa partikular na layunin upang pamahalaan ang mga pagbabakuna. Ipinatupad ang prinsipyo ng Data Minimisation. Nangangahulugan ito na ang mga datos lamang na kinakailangan upang makilala ang iyong anak, i-book ang kanilang appointment, i-record ang kanilang pagpapabakuna at ang pag-monitor ng mga epekto nito ay inire-record.

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan sa ilalim ng GDPR kaugnay sa personal na datos ng iyong anak na pinoproseso.

- Humiling ng impormasyon at pag-access sa personal na datos ng iyong anak (karaniwang kilala bilang isang 'kahilingan sa pag-access sa paksa ng datos'). Nagbibigay-daan ito sa iyo (magulang o legal na tagapagalaga ng bata) na tumanggap ng kopya ng personal na datos na hawak namin tungkol sa iyong anak at upang suriin na pinoproseso namin ito nang naayon sa batas.
- Humiling ng pagtatama ng personal na datos na hawak namin tungkol sa iyong anak. Nagbibigay-daan ito sa iyo na itama ang anumang hindi kumpleto o hindi tamang impormasyon na hawak namin tungkol sa iyong anak.
- Humiling ng pagbura sa personal na datos ng iyong anak. Nagbibigay-daan ito sa iyo na hilingin sa amin na i-delete o tanggalin ang personal na datos ng iyong anak kung saan walang magandang dahilan para patuloy naming iproseso ito. May karapatan ka ring hilingin sa amin na i-delete o tanggalin ang personal na impormasyon ng iyong anak kung saan ginamit mo ang iyong karapatang tumutol sa pagproseso.
- Pagtutol sa pagproseso ng iyong personal na datos.

Karagdagang impormasyon ay available sa www.hse.ie/eng/gdpr

I-scan ang QR code upang mahanap ang comic strip ng HSE na tinatawag na *Pagpapabakuna ng COVID-19* sa seksyong **Mga Mapagkukunan para sa mga bata**. Maaaring maging kapaki-pakinabang ang komiks upang makatulong na ihanda ang mga mas may edad na bata kung ano ang aasahan kapag kukuhanin nila ang kanilang bakuna sa COVID-19.





**COVID-19
VACCINE**
Public Health
Advice

Inilathala ng HSE noong Mayo 8, 2023

Para sa pinaka up-to-date
na impormasyon bisitahin ang
www.hse.ie



Rialtas na hÉireann
Government of Ireland